Lectio 1 (August 2021): 92-105
Graduate Papers

Misedukadong Filipino sa Panahon ng Bagong Populismo: Pagdalumat sa Pang-edukasyong Pananaw ni Renato Constantino Bilang Paglulunas sa Kontemporaryong Kamalayan at Pagtutulay ng Edukasyon at Demokrasya

Prince Airick S. Gapo, M.Ed.
University of Santo Tomas Graduate School

Abstract: This paper revisits the nationalist ideas of Renato Constantino pertaining to the "miseducation" of Filipinos and the conception of a counter-consciousness to offer a rethinking of the contemporary political predicament pertaining to the rise of new populism and the systematized distortion of truth. There exists a historical connection between democracy and education, in the Philippine historical context, "miseducation" distorted the nexus between education and democracy and has stood as the prototype of the weaponization of education as a political tool wielded by dominant political forces both foreign and domestic. The crevices between democracy and education have manifested in the contemporary national political climate with the emergence of new populist politicians, proliferation of fake news and conditioning of political consciousness. By tracing the works of Renato Constantino particularly in philosophy of education, I am offering a rethinking of the connection between democracy and education by diagnosing the political climate and the topography of education from the lens of Constantino's critique of Filipino education and the possibility of developing a counter-consciousness to remedy the ailments that was brought by centuries of miseducation. The first chapter offers an (a) exploration of the nexus between education and politics and an exposition of the timeless (b) critique of Renato Constantino on education in the Philippine context. The second chapter begins with an (c) exposition on new populism and post-truth, the discussion on (d) Filipinization of education for a genuine Filipino democracy and (e) radicalization of education as the seed of counter-consciousness.

Keywords: Renato Constantino, Philosophy of Education, Democracy and Education

© 2021 Prince Airick S. Gapo
https://www.lectio.ph/files/2021_gapo.pdf

Malalim ang ugnayang edukasyon at politika. Ang paaralan ang nagsisilbing tulay ng mga pribadong pagpapahalagang nakukuha ng tao mula sa kanyang pamilya at pampublikong pagpapahalagang hango naman sa lipunan at estado.[1] Ang modernong panahon ang kauna-unahang pagkakataon sa kasaysayan kung saan hinangad ng estado na pag-aralin ang buong populasyon sa kanyang nasasakupan. Dahil rito, ang paaralan ay maituturing bilang kawangis at pundasyon ng lipunan.[2] At dahil itinuturing itong mahalagang sangay ng lipunan, nananalaytay sa sistema ng edukasyon ang ahendang politikal. Isa itong bagay na hindi nito maiwawaksi sapagkat malalim ang kasaysayang pinagsasaluhan ng politika at edukasyon.[3] Sa paggamit sa edukasyon bilang sandatang politikal, nababaluktot ang pagkakahulma ng lipunan at ito ay maaaninag sa kasaysayan ng Pilipinas bilang biktima ng kolonyalismo at maging sa kasalukuyan kung saan nananaig ang populismo at pagpapalaganap ng disimpormasyon upang makontrol ang kaisipang panlipunan.

Kung susuriin ang kasaysayan ng edukasyon sa bansa, mapapansin ang paggamit sa edukasyon bilang instrumentong panghulma sa kaisipan ng lipunan upang pumabor sa isang adhikaing isinusulong ng mga sektor na nasa itaas sa hierarkiya ng kapangyarihan. Ang mga Kastila na unang kapangyarihang kolonyal na sumakop sa Pilipinas ay ginamit ang relihiyon at maging ang edukasyon sa pagpapalawig ng impluwensiya sa arkipelago. Ang edukasyong itinaguyod ng mga mananakop para sa mga katutubo ay naaayon lamang sa mga mababababang kawani ng pamahalaan at hindi upang maihanda ang mga katutubong mag-aaral sa patuloy na pag-aaral sa mga unibersidad.[4] Bagamat mayroong mga itinatag na mga unibersidad sa Pilipinas ng iba't-ibang mga relihiyosong grupo, ito ay eksklusibo lamang para sa mga maylupa, mga ilustrado o kaya naman ay mga *creole*.[5] At upang mabigyang pundasyon ang pagpapalaganap ng impluwensya at relihiyon, sinigurong ang

[1] Matthew Lipman, *Thinking in Education* (New York: Cambridge University Press, 2003), 9.

[2] Minsang nabanggit ng pilosoper at sosyologo na si Amable Teubeo sa isang talumpati na ang "…pagbagasak ng mga sistema ng edukasyon ay magdudulot ng pagbagsak ng lipunan" (akin ang salin)

[3] Maaaring mabakas ang ugnayang ito mula sa panahon ng antigong Griyego. Ang bantog na pilosoper na si Platon sa kanyang mga diyalogo ay ilang beses binanggit ang ugnayang edukasyon-politika at ang pangangailangan ng edukadong mamamayan upang umunlad ang *polis*.

[4] Renato Constantino, "Identity and Consciousness: The Philippine Experience," *Journal of Contemporary Asia* 6 (1974): 25, https://doi.org/10.1080/00472337685390031.

[5] Maaaring espekulahing ang produkto ng mga unibersidad sa Pilipinas noong panahon ng mga Kastila ay hindi nanatiling mapaniil. Sa mga unang dekada ng mga unibersidad na ito, maaaring totoo na ito ay nagsilbing tagapagtaguyod ng impluwensyang kolonyal at pumilay sa tunay na misyon ng mga unibersidad. Ngunit makikita rin sa kasaysayan na sa pagdaloy ng panahon, ang ilang mga produkto ng mga unibersidad sa Pilipinas ay nagsilbing mga mahahalagang indibidwal sa pagsusulong ng reporma, pagpapatuloy ng rebolusyon at pagtataguyod ng estabilisadong pamahalaan. Gaya ni Apolinario Mabini na produkto ng isang lokal na unibersidad. Malalim ang talinong taglay ni Mabini na kanyang pinanday sa sa mga paaralan at unibersidad sa Pilipinas. Naiiba si Mabini sa ibang *ilustrados* na nakapag-aral sa mga bansa sa Europa.

© 2021 Prince Airick S. Gapo
https://www.lectio.ph/files/2021_gapo.pdf

relihiyon ang pinakapinagtutuunan ng pansin sa kurikulum.[6] Isa itong paraan ayon kay Teodoro Agoncillo upang masigurong ang mga magtatapos ay pulos "maaamong tupa."[7]

Ang iniwan ng mga Kastila ayon kay Constantino ay ang "pagpapamana ng kamangmangan" na may dalawang mukha.[8] Ang unang mukha nito ay ang kamangmangan ng masa o karaniwang tao na nakaugat sa paniniwalang sapat na ang mga itinuturo ng mga prayle sa kanila. Ang misyon ng edukasyon para sa masa ay ang mapanatili ang "paurong na kaisipan". Hindi masisisi ang karaniwang *indio* na hindi umalpas sa sistemang ito sapagkat lubos ang pagsupil sa kanilang pag-iisip at kamalayan.[9] Mapanganib ang unang uri ng pinamanang kamangmangan na ito ngunit mas malaking peligro ang ikalawa nitong mukha, ang misedukasyon ng mga ilustrado. Ang mga ilustrado, bagamat nakapag-aral, ay hinulma sa molye ng edukasyong *hispanisado.* Mapapansin ito sa mga ninanais na pagbabago sa lipunan ng mga ilustrado kung saan ang tanging ninanais lamang nila ay reporma, sapagkat ang isa sa pangunahing layunin ng mga ito ay ang asimilasyon sa kulturang Kastila.[10] Ito ay lubhang mapanganib dahil nakikita ng mga ilustrado ang kanilang mga sarili bilang mga Kastila at hindi bilang kaisa ng bayan. Dahil sa kanilang edukasyong *hispanisado*, ninais ng mga edukadong Filipino na maging kabagay ang mga mang-aapi na naging dahilan sa pagiging limitado ng kanilang adhikain para sa bansa.[11] Bagamat ang mga repormista na nagmula sa mga ilustrado ang siyang nagpasibol ng *counter-consciousness* na umalpas sa pang-aapi, hindi ito naging sapat at ito ay hayagang pinatunayan ng rebolusyong sinilaban ng Katipunan.[12] Sa malawakang pagsupil ng mga Kastila sa kaisipan ng masa at sa misedukasyong tinaguyod sa ilang mga ilustrado, mapapansin ang tonong politikal ng edukasyon at ang paggamit nito upang hulmahin ang kaisipan at maging sandata ng may kapangyarihan.

Sa pagpasok ng bagong siglo noong 1900, napasailalim ang Pilipinas sa kapangyarihan ng isang bagong tatag na bansa na may malaking kolonyal na

---

[6] Teodoro A. Agoncillo, *Ang Pilipinas at ang mga Pilipino: Noon at Ngayon* (Quezon City: Garotech Publishing, 1980), 45.

[7] *Ibid*.

[8] Constantino, "Identity and Consciousness," 26.

[9] *Ibid*.

[10] *Ibid*., 27

[11] Ang pagnanais na maihalintulad ang sarili sa kanyang mang-aapi ay mayroong malalim na pagkakahawig sa *critical pedagogy* ni Paulo Freire. Sa kanyang akdang *Pedagogy of the Oppressed,* isa sa mga pinakamalaking pagkakamali ng inaapi ay ang ihalintulad at pangarapin na halinhinan ang mga mang-aapi kaysa isulong ang sariling kalayaan. (Paulo Freire, *Pedagogy of the Oppressed* (London: Continuum, 2003), 45)

[12] Kung pagbabatayan ang simulain ng rebolusyon, makikitang ito ay nagkaroon ng katawan dahil sa masa at hindi dahil sa mga ilustrado. Ngunit dahil sa hindi naging matagumpay ang mga unang hakbang ng rebolusyong ng masa na pinamunuan ni Andres Bonifacio, nagkaroon ng pagkakataon ang mga petit burgeso na pamunuan ito dahil mas naging matagumpay ang simulain ng rebolusyon sa Kabite na pinamumunuan ni Emilio Aguinaldo.

© 2021 Prince Airick S. Gapo
https://www.lectio.ph/files/2021_gapo.pdf

pangarap, ang Estados Unidos ng Amerika. Tangan ng mga Amerikano ang kaalaman ukol sa kahalagahan ng paghulma ng kamalayan upang mabilis at mabisang maitanim ang diwang kolonyal sa bagong nasasakupan. Matatas na ang mga Amerikano sa ginamit nitong sandata ng paglukob dahil na rin sa ilang beses na paggamit nito sa kanilang bansa upang lukubin ang ilang minoryang grupo gaya ng mga *black americans*.[13] Sa kaso ng Pilipinas, ang sandatang ito ay lulan ng isang barkong pumalaot mula Amerika noong 1901, isang barkong puno ng mga guro na dumaong sa pantalan ng Pilipinas at lubos na binago ang kamalayang Filipino.[14] Ang sandatang ito ay ang edukasyong pampubliko. Ang kainaman ng sandatang ito sa pagbabaluktot ng papausbong na diwang makabansa ang siyang tinuligsa ni Renato Constantino. Magsisilbi ang panahong ito bilang *prototype* sa pag-uusisa sa kaugnayan ng edukasyon at politika sa kasaysayan ng bansa at sa kontemporaryong lipunang Pilipino.

Sa pagsilip sa kontemporaryong panahon, maaaninag pa rin ang pag-uumpugan ng iba't-ibang kapangyarihang sosyal at politikal sa topograpiya ng edukasyon. Mababanaag ang ugnayan ng edukasyon sa mga adhikaing pang-ekonomiya. Mapapansin ang malawakang absorpsyon ng mga malalaking korporasyon sa ilang mga unibersidad at kolehiyo.[15] Ang kasalukuyang panorama ng edukasyon sa Pilipinas ay unti-unting hinuhulma ng mga malalaking korporasyon. Nagiging kalakaran ng mga korporasyon ang pagbili ng ilang institusyon at pamantasan o di kaya naman ay ang pagtatayo ng sariling paaralan. Natural para sa isang pribadong korporasyon ang makakalap ng kita mula sa pamumuhunan. Maaaring imbis na isulong ang pagpapayabong ng kamalayan, mas unahin ng ilang korporasyon ang pagpapalago ng kita mula sa kanilang mga pamantasan.[16] Hihina ang impluwensiya ng mga intelektuwal at mga dalubhasa kung ang primerong layunin ng mga administrador at may-ari ng paaralan ay hindi na nakatuon sa pag-angat ng antas ng kaalaman. At kasabay nito, nakaumang ang mas malaking panganib ng indoktrinasyon ng mga korporasyong nagmamay-ari ng mga paaralan sa kanilang mga

[13] Ang aklat na pinamagatang *Miseducation of the Negro* na isinulat ni Carter G. Woodson na isa sa mga tinaguriang "Thomasites" ay tumatalakay sa metodikong paggamit ng Amerika ng edukasyon upang hulmahin o kaya naman ay baluktutin ang umuusbong na pansariling kamalayan ng isang grupong minorya o ng isang lahi. Sinasabi na malaki rin ang naging impluwensiya ni Woodson sa pagsusulat at pagtuligsa ni Constantino sa kanyang kinamulatang sistema ng edukasyon.

[14] Renato Constantino, "The Miseducation of the Filipinos," *The Filipinos in the Philippines and Other Essays* (Manila: Malaya Books, 1966), 3.

[15] Sa kasalukuyan, hindi lamang mga unibersidad at terserang paaralan ang pinasok ng mga korporasyon. Nagsisimula na rin ang pagpasok ng mga ito sa primerang paaralan. Isang halimbawa ang pagtatatag ng Ayala Corporation ng kanilang APEC Schools (Affordable Private Education Center, Inc.).

[16] Isa sa mga unang nakapansin sa "komersiyalisasyon ng edukasyon" ay si Renato Constantino. Ayon kay Constantino, dahil na rin sa hindi sapat ang kakayahan ng gobyerno upang tustusan ang mga pampublikong paaralan, dumami ang mga pribadong paaralan na ang ilan ay pinapatakbo ng mga banyaga na mayroon ring malaking ambag sa pagsusulong ng pribadong interes sa edukasyon. (Constantino, "The Miseducation of the Filipinos," 14)

© 2021 Prince Airick S. Gapo
https://www.lectio.ph/files/2021_gapo.pdf

mag-aaral na siyang magiging dahilan ng paglawig ng kanilang impluwensiyang politikal at sosyolohikal.[17]

Ang klimang politikal ng kasalukuyang panahon ay pinapangibabawan ng bagong populismo. Isang adhikaing politikal na nakasandal sa pananamantala sa demokrasya. Ang ugat ng bagong populismo ay ang pamamayagpag ng mga politikong nakaposturang isusulong ang mga ninanais at adhikain ng masa na sawa na sa pangako ng mga elitista at politiko. Malubhang panganib ang dala ng bagong populismo kung saan namamayagpag ang pagbabaluktot ng katotohanan at pananamantala sa kolektibong emosyon ng masa.[18] Sa panahon kung kailan ang katotohanan ay naisasantabi at unti-unting naaagnas ang tunay na diwa ng demokrasya sa bansa, tanging edukasyon ang maaaring pag-ugatan ng pag-asa. Ngunit paano kung ang edukasyon ang mismong pinagbuhatan ng ganitong klimang politikal at pagkabaog ng pambansang kamalayan? Paano kung ang lunas ang siyang naging tagapagpalaganap ng sakit? Paano kung ang edukasyon ay nagmistulang "misedukasyon?" Ang mga katanungang ito ang siyang pinagtuunan ng pansin ng nasyonalistang si Renato Constantino.

Si Renato Constantino at ang Kultura ng Pagkabulag at Bitag ng Misedukasyon

Sa panahong dahan-dahang hinuhulma ng banyagang kamay ang kamalayan at kaisipang Filipino, nagsilbi si Renato Constantino bilang boses ng disentimyento. Maituturing si Renato Constantino na isa sa mga pinakamasugid na nasyonalista ng kanyang panahon. Bagamat isang produkto ng edukasyong amerikano sa bansa, isa rin siya sa mga pinakamasigasig na kritiko nito. Si Constantino ay naging isa sa mga pinakamahalagang indibidwal na tumuligsa sa mga polisiya ng Amerika ukol sa Pilipinas sa pamamagitan ng mga artikulong naglalaman ng matatalas na komentaryo ukol sa impluwensyang banyaga sa bagong-silang na gobyernong Commonwealth.[19] Bukod sa pagiging propesyonal na mamamahayag, naging propesor rin si Constantino sa iba't-ibang prestihiyosong unibersidad sa bansa. Dagdag rito, maraming naisulat si Constantino ukol sa kasaysayan at sa pagsusulong ng kanyang posisyon na dapat

[17] Maraming mga prestihiyosong unibersidad ang nabili o kaya naman ay pinamamahalaanan na ng ilang maimpulwensyang korporasyon. Pinangangambahan na kung ang isang paaraalan ay patatakbuhin na parang isang negosyo, magdudulot ito ng paghina ng impluwensya ng mga intelektuwal. Dahil rito, ang panganib na ang ilang mga unibersidad o kolehiyo ay magsilbi na lamang bilang mga *diploma mills* ay hindi dapat maliitin.

[18] Lee McIntyre, *Post-Truth* (Cambridge, MA: MIT Press, 2018), 10.

[19] Isa sa mga pinakamahahalagang tagpo sa buhay paglimbag ni Constantino ay noong minsang tugunan ng dating Pangulong Manuel Quezon ang isa sa mga artikulo ni Constantino sa isang talumpati. Sa éditorial na isinulat ni Constantino, tinuligsa nito ang dating pangulo na naging dahilan upang pumunta mismo si Quezon sa Unibersidad ng Pilipinas upang ipaliwanag ang kanyang posisyon.

© 2021 Prince Airick S. Gapo
https://www.lectio.ph/files/2021_gapo.pdf

tingnan ang kasaysayan sa *punto-de-vista* ng karaniwang tao.[20] Mapapapansin na ang pananaw ni Constantino ukol sa kasaysayan ay nababahiran ng malalim na diwang nasyonalista sa pagnanais nitong ilahad ang kasaysayan mula sa mga mata ng Pilipino na tila nagpapawaring ang mismong anak ng kasaysayan ang siya dapat maglahad ng kwentong-taong nagluwal sa kanya. Hindi lamang sa kasaysayan mapapansin ang nasyonalistang kaisipan ni Constantino, mas maaaninag ito sa kanyang mga naisulat ukol sa edukasyon at kaugnayan nito sa pambansang kamalayan.

Ayon kay Constantino, ginamit ng mga Amerikano ang edukasyon upang palawigin ang kanilang impluwensya sa kanilang kolonya at ang pangunahing instrumento ng kolonisasyong ito ay ang edukasyong pampubliko na kanyang tinaguriang "misedukasyon".[21] Ang misedukasyon na ito ang naging instrumento ng *defilipinisasyon* na nagtataguyod ng pambanyagang kalinangan na sumupil sa bagong panganak na kalinangang nagmula sa rebolusyong bumigkis sa mga Filipino.[22] Ipinabatid ni Constantino na ang edukasyong ipinagkait sa nakararaming Filipino ng mga Kastila at ibinahagi naman ng mga Amerikano ay bukas-palad na tinanggap ng publiko ay isang huwad na edukasyong nababahiran ng pambanyagang interes.[23] Lubos itong tinalakay ni Constantino sa kanyang artikulong *The Miseducation of the Filipinos.* Ayon kay sa kanya, ang pinakamabisang sandata sa pagsupil ng mga mamamayang nasasakupan upang mapasailalim sa kanilang impluwensya ay ang bihagin ang kanilang kaisipan.[24] Ang pananaw na ito ang nagtulak sa mga Amerikano

[20] Christian Bryan S. Bustamante, "Renato Constantino's Discourses on Philippine Education as Post-Colonial: A Philosophical Reading," *Scientia: The International Journal on the Liberal Arts* vol. 5, no. 2 (2017): 58

[21] Constantino, "Identity and Consciousness: The Philippine Experience," 35.

[22] *Ibid*.

[23] Sa isang pag-aaral na ginawa ni Isabel Martin ng Pamantasang Ateneo de Manila, tinalakay niya ang manipestasyon ng diwang Amerikano sa edukasyong ipinapamahagi sa mga Filipino noong panahong Commonwealth. Isinagawa ito ni Martin sa pagsisiyasat ng mga akdang ginamit sa pagtuturo ng literatura noong mga unang taon ng pampublikong edukasyon sa ilalim ng mga Amerikano. Sa kanyang pagsisiyasat, natuklasan ni Martin ang pagtatanggal ng mga obra mula sa literaturang Filipino at pagpapasok sa kurikulum ng literaturang Anglo-Amerikano. Kapansin-pansin rin na ang mga piniling piyesa ay nagsusulong sa interes ng mga banyaga. Ang ilan sa mga piyesang tinalakay ni Martin ay ang *Gettysburg Address, Robinson Crusoe, Lady of the Lake, The Life of Samuel Johnson, Evangeline.* Sa pag-aaral ni Martin, mapapansin na ang tema ng mga piyesang ito ay nagbibida at nagsusulong sa kolonyalismong Amerikano. Ayon kay Martin, ipinapakita nito ang pinagsama-samang puwersa ng kurikulum, paghuhulma at pagtuturo sa pagsasa-lehitimo ng kolonyalismo at pagsusulong ng ideyang isinasagawa ang kolonyalismo bilang pagsagip ng mga mananakop sa kanyang mga sinakop. Dagdag pa ni Martin, hindi nagtagal at maging ang paraan ng pagsusulat ng mga mag-aaral ng gawang akademiko at literatura ay tila may tonong Anglo-American dahil na rin sa kanilang mga binabasa sa loob ng silid-aralan. (Isabela P. Martin, "Pedagogy: Teaching Practices of American Colonial Educators in the Philippines," *Kritika Kultura* vol. 1 (2002): 91-92,95)

[24] Constantino, "The Miseducation of the Filipinos," 2.

© 2021 Prince Airick S. Gapo
https://www.lectio.ph/files/2021_gapo.pdf

na lubusang palaganapin ang pampublikong sistema ng edukasyon sa Pilipinas.[25] Dahil rito, maaring sabihin na ang pangunahing dahilan ng pagpapalaganap ng gumaganang sistema ng edukasyon sa mga mamamayang Filipino ay instrumento lamang ng polisiyang kolonyal.[26] Sa pamamagitan ng edukasyon, hinulma ng mga Amerikano ang kamalayan ng mga Filipino at inilagay sa pedestal ng pagkatuto ang kanilang wika. Ang wikang Ingles ang nagsilbing pangunahing wikang pang-akademiko at kumalat na rin sa larangang propesyonal at pagnenegosyo.[27] Hanggang sa kasulukuyan ay nadarama pa rin sa lahat ng sangay ng lipunan ang impluwensyang ito. Hindi maitatanggi na ang batayan ng karunungan at saysay ng isang argumento ay binabase ng mga tao sa kakayahang ipahayag ito sa Ingles. Mapapansin rin ito sa mga polisiya ng paaralang nagpapataw ng kaukulang multa sa mga estudyanteng mahuhuling nagsasalita ng Filipino.[28] Ang usaping ekonomiko at komersiyo, pagtatala ng mga batas at maging ang ilang instruksyon ay nakasulat at nakatala sa wikang Ingles. Dahil na rin sa hindi mabuburang bahid ng misedukasyong ito, maaaring sabihin na tila nagtagumpay ang mga Amerikano sa kanilang layunin na bumuo ng bagong uri ng mga Amerikano, mga *brown americans* na eksaktong kopya ng mga mananakop.[29]

Ang misedukasyon ng mga Filipino ay mapapansin na rin sa kakaibang pananaw nito ukol sa pamamahala at pagpapatakbo ng isang demokratikong estado. Sa isa sa mga pinakamatatalas na pangungusap sa artikulong *Miseducation of the Filipinos*, binanggit ni Constantino ang hiram na kanluraning pananaw ukol sa demokrasya na hatid ng mga Amerikano:

> Madaling unawain kung aakalain ng mga Amerikano na mayroon lamang isang uri ng demokrasya para sa kanila, at ito ay ang demokrasyang Amerikano. Kaya naman iniakma ng mga Amerikano ang kaisipang politikal na naayon sa kanila sa mga Filipino. Dahil rito, hindi nabigyan ng sapat na panahon ang mga institusyong katutubo na itaguyod ang pansariling pananaw at

[25] Ang kagawarang namamahala sa edukasyon ay binitiwan ng mga Amerikano noong 1935, ito ang panghuling binitawan ng mga Amerikano sa transisyong naganap noong panahong Commonwealth. Nabanggit rin ito ng primerong Filipinong pilosoper na si Emerita Quito sa kanyang artikulong *Ang Kaugnayan ng Wikang Pambansa at Edukasyon,* Ayon kay Quito, "Ang edukasyon ang pinakahuli sa kilusan ng Filipinisasyon …ang Kagawaran ng Edukasyon ay ang pinakahuling binitawan ng mga Amerikano." (Emerita S. Quito, "Ang Kaugnayan ng Wikang Pambansa at Edukasyon," *Malay* vol. 22, no. 1 (2009): 25, https://ejournals.ph/article.php?id=7952)

[26] Constantino, "The Miseducation of the Filipinos," 3.

[27] Ayon kay Constantino, hinubog rin ng edukasyon ang kaisipan ng mga Pilipino na walang kakayahan ang bansang maging industriyalisado. Bagkus, mas makabubuti kung mananatiling naka-sentro sa agrikultura ang ekonomiya. (*Ibid*. 6)

[28] Quito, "Ang Kaugnayan ng Wikang Pambansa at Edukasyon," 22.

[29] Constantino, "The Miseducation of the Filipinos," 5.

© 2021 Prince Airick S. Gapo
https://www.lectio.ph/files/2021_gapo.pdf

> ideya ukol sa demokrasya na nagbunga sa pagsupil ng katutubong demokrasyang akma para sa Filipino.[30]

Lubhang mabigat ang konsekuwensya ng kaisipang ito sa pananaw ng Filipino ukol sa demokrasya at makikita ang epekto nito hanggang sa kasalukuyan. Ang maling pag-aakma ng mga Amerikano ng kanilang uri ng demokrasya ay nagbunga ng maling kamalayan ukol sa ugnayan ng demokrasya, kalayaan, at politika. Tila nagkaroon ng malawakang pagkabulag sa kamalayan na nagsimula sa misedukasyon at nagtapos sa baluktot na konsepto ng demokrasya. Dahil sa hindi nabigyan ng pagkakataon ang pambansang kamalayang bunga ng himagsikan na umusbong, nanaig ang kaisipang kailangang dumepende sa kapangyarihang banyaga na mas matalino, mas may karanasan at mas malalim ang kasaysayan sa pamamahala.[31] Ang Filipinong sinupil ang kamalayang politikal bago ito tuluyang umusbong ay tinabunan ng konseptong banyaga na hindi tugma sa katutubong kaisipan. At gaya ng tanim na unti-unting kinikitil ng damong ligaw, nabansot ang pambansang kamalayan ng mga Filipino.

Bagamat hindi maaaring mawaglit si Renato Constantino sa mga intelektwal na usapin patungkol sa nasyonalismo, mayroon pa ring buhay na talakayan kung maaari bang maituring si Contantino bilang isang pilosoper.[32] Karamihan sa mga akda ni Constantino ay nagtatampok ng panibagong pananaw patungkol sa pagtingin sa kasaysayan at pagpapayabong ng diwang nasyonalismo. Sinasabing ang bagong pagtanaw na ito at ang pagnanais ni Constantino na bumuo ng panibagong kamalayan ay maaaring maituring na pamimilosopiya samantalang may nagsasabing ito ay nasa ilalim pa rin ng diskursong pangkasaysayan at antropolohiya.[33] Sa kabila ng lahat ng ito, malaki ang naging kontribusyon ni Constantino sa pagpapayabong ng pambansang kamalayan at maaaninag ito sa ilan sa mga naisulat ng primyadong pilosoper na si Emerita Quito.[34] Bukod rito, ang ugnayang edukasyon at politika ang nagsisilbing hulmahan ng kamalayan ng mga henerasyon at ang kaukulang paggalugad rito ay maaaring maituring na gawaing pilosopikal.

---

[30] *Ibid.,* 7 Akin ang salin.

[31] Constantino, "Identity and Consciousness: The Philippine Experience," 52.

[32] Si Constantino ay hindi nagkamit ng pormal na akademikong pag-aaral sa pilosopiya.

[33] Ilang mga kontemporaryong akademiko gaya ni Franz Guiseppe Cortez ng Unibersidad ng Santo Tomas at Christian Bryan Bustamante ng Pamantasang San Beda ay nagsulat ukol sa mga pilosopikal na aspekto ng mga gawa ni Renato Constantino. Katangi-tangi ang disertasyon ni Cortez na binakas ang ilang mga ideya at kaisipan ng *critical pedagogy* sa mga naisulat ni Renato Constantino. Ang *critical pedagogy* na naisakonsepto ng guro at pilosoper na si Paulo Freire sa kanyang bansang Brazil ay kinikilala ngayon na isang radikal na konseptong pang-edukasyon at sinusuri at patuloy na pinag-aaralan sa pilosopiya ng edukasyon.

[34] Kung babasahin ang mga naisulat ni Emerita Quito ukol sa pilosopiya ng edukasyon, mapapansin ang tatak ng nasyonalismo sa pagsusulong ni Quito ng *filipinization* at hindi maitatatanggi ang pagkakatulad nito sa ilang mga hangaring inilatag ni Renato Constantino. Maaaring masabing ang pagkakatulad ng adhikain ng dalawang intelektuwal ay bunga na rin ng impluwensya nila sa isa't-isa.

© 2021 Prince Airick S. Gapo
https://www.lectio.ph/files/2021_gapo.pdf

Demokrasya sa Panahon ng Misedukasyon at Bagong Kolonisasyon

Kung pagbabatayan ang klimang politikal at kamalayan ng Filipino sa kasalukuyan, mapapansin na mayroong lumalaganap na bagong anyo ng kolonyalismo, ang kolonyalismo ng isipan.[35] Sa kontemporaryong panahon, mapapansin ang paglakas ng bagong uri ng populismo sa iba't-ibang panig ng mundo. Ang bagong populismo ay nakasandal sa pagpapalaganap ng *fake news* at misimpormasyon. Sinasabi na ang kasalukuyang panahon ay panahon ng *post-truth*, panahon kung saan ang katotohanan ay hindi na mahalaga at posibleng mapagsamantalahan.[36] Malaking panganib sa demokrasya ang pagsibol ng bagong populismo sa panahon ng *post-truth*. Kasabay ng paglaganap nito ang pagluklok sa mga politikong maituturing na produkto ng bagong populismo. Ang mga politikong ito na nagpapanggap na boses ng karaniwang tao ang siyang nagsisilbing instrumento ng pagguho ng demokrasya at ang kanilang pamamayagpag ay may malalim na kaugnayan sa kamalayan ng mga mamamayan. Ayon sa isang papel na isinulat ni Colin Wight, pinaniniwalaang kapag mas edukado ang populasyon, tataas ang kalidad ng demokrasyang tinatamasa ng isang lipunan. Ngunit tila baliktad ang nangyayari sa kasalukuyan. Tinagurian niya itong "post-truth paradox".[37] Ang panahon ng *post-truth* at pagbaba ng kalidad ng demokrasya ay isang kaganapang global. Sa kaso ng Pilipinas, madaling mahinuha ang pinagsimulan nito kung pagbabatayan ang mga ideya ni Renato Constantino.

Mapapansin ang halos pagkakatulad ng pagdaloy ng kasaysayan ng politika ng bansang Pilipinas at Amerika.[38] Dahil na rin sa pag-aakma ng mga Amerikano ng kanilang demokratikong pamamahala sa Pilipinas sa pag-aakalang ito lamang ang mainam na uri ng demokrasya.[39] Maging sa pamamahala, pinapaalalahanan ng mga Amerikano ang mga Pilipino na hindi kakayanin ng isang maliit at bagong sibol na

[35] Ang usapin ukol sa kolonisasyon ng kaisipang politikal ay una kong narinig sa isang kumperensya kung saan nabanggit ni Dr. Zosimo Lee ang kasalukuyang klimang politikal sa ilalim ng Pangulong Rodrigo Duterte. Ayon kay Lee, maagap ang paghahanda ni Duterte sa pamamagitan ng pagtatalaga ng mga dating militar sa ilang maimpluwensyang posisyon sa gobyerno. Dahil rito, matatag ang posisyon ng pangulo at maaasahang masusupil ang ano mang disentimyento laban sa kanyang pamamahala.

[36] McIntyre, *Post-Truth*, 5

[37] Colin Wight, "Post-Truth, Postmodernism and Alternative Facts." *New Perspectives: Interdisciplinary Journal of Central & East European Politics and International Relations*, vol. 26, no. 3 (2018): 25, https://doi.org/10.1177/2336825X1802600302.

[38] Ang mga imaheng nais ipakita ng kasalukuyan at naging pinuno ng parehong bansa ay magkahalintulad sa ilang aspekto. Gaya na lamang ng pagkakahawig ng pamamahala ni Barack Obama at Benigno Aquino III na nagbubulalas ng mga gawaing nagpapaganda ng kanilang imahe sa nasyonal at internasyonal na perspektibo. Mas kapansin-pansin ang pagkakahawig na ito kina Donald Trump at Rodrigo Duterte na parehong kinikilala bilang mga politikong produkto ng bagong populismo.

[39] Constantino, "The Miseducation of the Filipinos," 7.

© 2021 Prince Airick S. Gapo
https://www.lectio.ph/files/2021_gapo.pdf

bansa ang mabuhay ng wala ang impluwensiya ng Amerika.[40] Ang lahat ng mapanupil na kaisipang ito ay dahan-dahang itinanim sa kamalayan ng Pilipino gamit ang edukasyon. Kung mayroon mang malalaking bitak ang demokrasya sa Pilipinas, ito ay bunga ng ilang henerasyon ng misedukasyon at hiram na konseptong hindi epektibo sa kontekstong politikal ng mga Filipino. Sa simula pa lamang ay baluktot na ang kinamulatan at itinurong uri ng demokrasya sa kamalayang Filipino. At ang mga bitak na ito ay mapapansin sa iba't-ibang manipestasyon gaya ng wika. Ayon kay Constantino, "Isa sa pinakamahalagang dahilan ng pagtuturo ng Ingles bilang wikang gamit sa silid-aralan ay dahil itinuturing ito bilang wika ng demokrasya."[41] (akin ang salin) Malaki ang kaugnayan ng kaisipan at wika. May ilang pilosopikal na pag-aaral na rin ang nagpatunay rito.[42] Sa paggamit sa Ingles bilang wikang pangturo, tila nahiwalay ang Filipinong mag-aaral sa kanyang kamalayang katutubo. At dahil Ingles rin ang gamit na wika sa usaping politikal, hindi pinag-tutuunan ng pansin ng karaniwang Filipino ang mga diskursong politikal sapagkat ito ay hiwalay at malayo rin sa kanyang pang-unawa.[43] Upang maging ganap ang demokrasya, nararapat lamang na makibahagi ang karaniwang tao sa gawaing politikal. Ngunit bunga ng misedukasyon, hiwalay ang masa sa usapin ng pamumuno sa kanya. Dahil rito, nagkaroon ng pagkakataon ang mga politikong produkto ng bagong populismo upang mamayagpag at ang kanilang mga huwad na adhikain at pagkatawan sa mga mamamayan ang siyang nagpapalala sa sitwasyon ng demokrasya sa bansa. Isang pagkakamali ang isisi sa isang demograpiko ang pagkakabaluktot ng demokrasya sa Pilipinas. Ang isiping ang makinarya ng bagong populismo ay nakatuon sa mga mahihirap ay ang maging biktima ng mismong makinarya nito.[44]

Edukasyong Pang-Filipino Tungo sa Demokrasyang Filipino: Mga Hamon at Pag-asa

Kinakailangan munang palayain ng Filipino ang sarili sa kanyang misedukasyon bago niya matamasa ang kalayaang hatid ng tunay na demokrasya. Kung mananatiling misedukado ang mga mamamayan, patuloy na babaluktot ang

[40] *Ibid*., 10

[41] *Ibid*., 11

[42] Mga isinulat nila Emerita Quito, Roque Ferriols, Leonardo Mercado, Romualdo Abulad at ilan pang primerong Filipinong pilosoper. Mula sa karanasan ni Quito sa ibang bansa, ang pag-uugnay ni Mercado at Abulad sa wika, kamalayan at pambansang kaisipan hanggang sa paggamit ni Padre Ferriols ng Filipino sa pedagohiya.

[43] Constantino, "Identity and Consciousness" 52.

[44] Mayroong buhay na talakayan lalo na sa mga akademiko at iskolar ukol sa kontribusyon ng mga mamamayang nasa mababang demograpikong pang-ekonomiya sa pamamayagpag ng mga politikong kumakapit sa bagong populismo. Dapat isaisip ng isang nagsisiyasat na ang pagkandili sa ganitong kaisipan ay maaaring may tonong elitista na nagmamaliit sa kakayahan ng masa na maunawaan ang kanilang sariling suliranin.

© 2021 Prince Airick S. Gapo
https://www.lectio.ph/files/2021_gapo.pdf

kaisipang politikal na mauuwi sa hayagang pagkabali nito. Para kay Constantino, ang unang hakbang dito ay ang filipinisasyon ng edukasyon.[45] Walang unibersal na layunin ang edukasyon sapagkat magkakaiiba ang pangangailangan ng bawat lipunan. Iba ang lipunang Amerikano sa lipunang Pilipino kaya naman ang pag-aangkop ng layuning pang-edukasyong Amerikano sa Pilipinas ay isang maling hakbang.[46] Ayon kay Constantino, "Ang edukasyong Filipino ay dapat para sa Filipino."[47] (akin ang salin) Malaking hamon ang filipinisasyon sapagkat malalim na ang impluwensyang banyaga hindi lamang sa edukasyon kundi maging sa kamalayan ng mga Filipino. Sa kasalukuyan, bilanggo pa rin ang Filipino ng hehemoniyang Amerikano. Ang kanilang pangkabuhayan, sosyolohikal at politikal na reyalidad ay naka-angkla pa rin sa dating mananakop.[48] Upang maging mapagpalaya ang edukasyon, kailangan munang ihiwalay ito sa kanyang kinamulatan bilang instrumentong politikal na ginamit ng mga maniniil. At ang paghihiwalay na ito ay posible lamang kung matibay ang pundasyon ng nasyonalismo.

Bago itanghal sa altar ng pagbabago ang nasyonalismo, mayroon munang mga isyung dapat linawin ukol sa konseptong ito. Kinakailangan nang kaukulang paglilinaw sa konsepto ng nasyonalismo sa mga paaralan sa halip na pagpapakilala nito sa mababaw at nakasanayang pamamaraan. Kung hindi ito mapagtatagumpayan ng mga paaralan, maaaring maiugnay ang nasyonalismo sa katapatan sa isang tao na kinikilalang tunay na tagapaglingkod ng bayan gaya na lamang ng mga politiko sa panahon ng bagong populismo. Mapapawalang saysay ang kasanayan sa wika at pagpapa-usbong ng diwa kung walang linaw ang konsepto ng nasyonalismong nais itanim sa kamalayan ng mga Filipinong mag-aaral. Matutunghayan rin sa kasalukuyang panahon ang ilang mga mamamayang Filipino na labis ang pagtatanggol sa ilang mga pulitiko sa pag-aakalang ang pagsuporta sa mga ito ay pagpapahayag ng pagkamakabayan. Bagamat ang konsepto ng nasyonalismong *post-colonial*[49] ay ang pagbabalik-diwang katutubo, mayroon rin itong potensyal na maging isang kalabisan. Mababaw ang konsepto ng nasyonalismo ng mga Filipino. Ipanapakita ito sa pagpapaskil ng watawat, pagbili ng produktong gawa sa bansa, pagpapahayag ng katapatan at paggalang sa watawat. Ngunit hindi naipapabatid ng mga institusyong pang-akademiko ang tunay na diwa ng nasyonalismo at ito ay ang pagiging kritikal sa mga isyung kinakaharap ng bansa at hanapin ang nauukol na pagtugon sa mga ito. Dapat ay sa kritikal na pananaw nakatali ang nasyonalismo. Ang kinakailangan upang

[45] Bago pa man naging matunog ang adhikain ng dekolonisasyon, isa na si Renato Constantino sa mga nagsusulong ng diwa nito.

[46] Constantino, "The Miseducation of the Filipinos," 8.

[47] *Ibid*., 15

[48] Bustamante, "Renato Constantino's Discourses on Philippine Education as Post-Colonial," 69.

[49] Ang terminong ito ay ginamit ng pilosoper na si Emerita Quito sa kanyang mga sulatin ukol sa *filipinization* ng edukasyon at iba pang sangay ng lipunan at pilosopiya ng edukasyon.

© 2021 Prince Airick S. Gapo
https://www.lectio.ph/files/2021_gapo.pdf

maging ganap ang filipinisasyon ng edukasyon ay tunay na nasyonalismo.[50] Ito lamang ang tanging paraan upang makawala ang kamalayan sa pagkakabigkis ng misedukasyon. Sa kasalukuyan, mapapansin pa rin ang impluwensyang kolonyal sa mga paaralan at sa laganap na kaisipan sa mga mag-aaral. Nananaig pa rin ang kanluraning konsepto ng pagpapaunlad ng sarili sa pang-ekonomiyang usapin. At maging ang konsepto ng kaunlaran at tamang pamamahala ay maaaninagan ng kaisipang kanluranin. Malaya ang Filipino ngunit siya ay nananatiling astang banyaga.[51] Sa panahong ginamit at kasalukuyang ginagamit ang edukasyon bilang sandatang politikal, hinihingi ng pagkakataon na isantabi muna ang pagiging imparsyal ng edukasyon upang umalpas sa pagkakabigkis ng impluwensyang banyaga at isulong ang maka-Filipinong edukasyon upang maging instrumentong makapagpapalaya ng kamalayan.

Radikalisasyon ng Edukasyon: Binhi ng *Counter-Consciousness*

Kasabay ng filipinisasyon ng edukasyon ay ang pagbubuo ng *counter-consciousness* na siyang hihilom sa mga bitak ng kamalayang matagal ng iniligaw ng mga banyaga. Ang pagbubuo ng kontra-kamalayan bilang isang pambansang gawain ay matagal na ring naisakonsepto bagamat hindi ito sinasadya. Ayon kay Constantino, kasabay ng pag-usbong ng konsepto ng sariling bayan, umusbong rin ang ideya ng konseptong Filipino.[52] Bagamat limitado ang konsepto ng Filipino sa iilang mga grupo, unti-unti itong lumaganap hanggang sa ang dating konseptong kumikilala sa iilang grupo tulad ng mga ilustrado at mga katutubo sa mga urbanisadong lugar ay naging isang pambansang pagkakakilanlan.[53] Nagkaroon rin ng pag-usbong ng kontra-kamalayan sa bagong silang na republika matapos ang rebolusyon na agad namang sinupil ng mga Amerikano.[54] Mapapansin na sa ating kasaysayan, laging mayroong pagkaudlot ang pagsibol ng katutubong kamalayan. Dahil na rin sa mahabang indoktrinasyon na naranasan sa mga banyaga at pagdugtong ng edukasyon sa politikal na interes ng mga ito, tila nagkaroon ng "kultura ng pananahimik" na nananaig hanggang sa kasalukuyan. Marami pa rin ang mga Filipino na naniniwalang magkasingkahulugan ang pananahimik sa pakikiisa. Mapapansin ito sa pananaw ng

[50] Ayon kay Constantino, ang tunay na nasyonalismo ay may dalawang aspekto: (1) ito ay dapat pang-masa at (2)ito ay dapat kontra imperyalismo. (Rolando M. Gripaldo, "Renato Constantino's Philosophy of Nationalism: A Critique," *Filipino Philosophy: Traditional Approach* (Quezon City: C&E Publishing, 2009), 5.

[51] Bustamante, "Renato Constantino's Discourses on Philippine Education as Post-Colonial," 53.

[52] Constantino, "Identity and Consciousness," 25.

[53] *Ibid*.

[54] Ang Pilipinas man ang unang bansa sa Timog-Silangang Asya na nag-alsa laban sa mga mananakop, ito naman ay maituturing na hindi matagumpay kung ikukumpara sa iba pang mga rebolusyon sa ibang bansa ng naturang rehiyon.

© 2021 Prince Airick S. Gapo
https://www.lectio.ph/files/2021_gapo.pdf

mga Filipino ukol sa mga aktibista na nagsusulong sa karapatan ng mga naaapi at nasa laylayan ng lipunan. Sila ay kadalasang tinitingnan bilang mga nanggugulong radikal na nais sirain ang maayos na sistema. Napansin ito ni Constantino at ang kanyang pananaw ukol rito ay may timbang hanggang sa kasalukuyan:

> "Madalas tingnan ang mga kumokontra bilang pasimuno ng gulo, mapanligalig o ang ahas sa paraiso. Ngunit ang disentimyento ay sumasalamin sa pagkaligalig. Hindi disentimyento ang pinagmulan ng pagkaligalig sa lipunan, bagkus, isinasaad lamang niya ito."[55]

Inihahayag ni Constantino ang kadalasang pananaw laban sa disentimyento bilang kaaway ng kaayusan. Upang makabuo at tuluyang umusbong ang isang kontra-kamalayan, kinakailangan munang mabura o mapahina ang kultura ng pananahimik. Mahalagang maisakatuparan ito sapagkat hindi nabubuhay ang demokrasya sa tunog ng katahimikan. At muli, ang pagsisimulan ng adhikaing ito ay ang edukasyong para sa Filipino. Hindi pa tapos ang pagbuo ng Filipino ng kanyang pagkakakilanlan. Ang nawala at naudlot ay maaari lamang mahanap at muling maisabuhay kung tatalikuran ang ilang henerasyon ng misedukasyon. Sa edukasyon magsisimula ang pagtutuwid ng sistemang politikal na nagpamana ng maling konsepto ng demokrasya. Kung tatanungin ang nasyonalitang si Renato Constantino, matatapos lamang ang rebolusyon sa pagkakataong makalaya ang Filipino sa tanikala ng misedukasyon at politikang may anyong banyaga. Matatapos lamang ang rebolusyon sa pagkakataong matuklasan ng Filipino ang tunay niyang sarili. Ang pagpapaganap nito ay makakamit lamang kung hahangarin at itataguyod ang isang edukasyong Filipino na tunay na pang-Filipino.

References

Agoncillo, Teodoro A. *Ang Pilipinas at ang mga Pilipino: Noon at Ngayon*. Quezon City: Garotech Publishing, 1980.

Bustamante, Christian Bryan S. "Renato Constantino's Discourses on Philippine Education as Post-Colonial: A Philosophical Reading." *Scientia: The International Journal on the Liberal Arts*. Vol. 5, No. 2 (2017): 56-78.

Constantino, Renato. *Dissent and Counter-Consciousness*. Manila: Malaya Books, 1970.

———. "Identity and Consciousness: The Philippine Experience," *Journal of Contemporary Asia* 6 (1974): 5-28, https://doi.org/10.1080/00472337685390031.

———. "The Miseducation of the Filipinos." *The Filipinos in the Philippines and Other Essays.* Manila: Malaya Books, 1966. 39-65.

[55] Renato Constantino, *Dissent and Counter-Consciousness* (Manila: Malaya Books, 1970), 8. Akin ang salin.

© 2021 Prince Airick S. Gapo
https://www.lectio.ph/files/2021_gapo.pdf

———. "Veneration Without Understanding." https://www.academia.edu/23702431/_Veneration_Without_Understanding_by_Renato_Constantino.

Cortez, Franz Guiseppe F. "Towards a Freirean Liberating Pedagogy in the Philippines: Prospects in Three Filipino Intellectuals." PhD Dissertation, Manila, University of Santo Tomas, 2013.

Dewey, John. *Democracy and Education*. Delhi: Aakar Books, 2004.

De Leon, Emmanuel C. "Emerita S. Quito (1929 - -) Ang Ugat ng Isang Panibagong Direksyon ng Pamimilosopiya sa Pilipinas," *Malay*. Vol. 29, no. 2 (2017): 30-46. https://ejournals.ph/article.php?id=11538

Freire, Paulo. *Pedagogy of the Oppressed*. London: Continuum, 2003.

Gripaldo, Rolando M. "Renato Constantino's Philosophy of Nationalism: A Critique." *Filipino Philosophy: Traditional Approach*. Quezon City: C&E Publishing, 2009.

Lipman, Matthew. *Thinking in Education.* New York: Cambridge University Press, 2003.

McIntyre, *Lee. Post-Truth*. Cambridge, MA: MIT Press, 2018.

Mancenido-Bolaños, Marella Ada V. "John Dewey's Democracy and Education and the Problem of Education in the Philippines." *Kritike*. Vol. 10, no. 2 (December 2016): 84-99. http://www.kritike.org/journal/issue_19/mancenido-bolanos_december2016.pdf

Martin, Isabela P. "Pedagogy: Teaching Practices of American Colonial Educators in the Philippines." *Kritika Kultura*. Vol. 1 (2002): 90-100. https://journals.ateneo.edu/ojs/kk/article/viewFile/1587/1612.

Quito, Emerita S. "Ang Kaugnayan ng Wikang Pambansa at Edukasyon." *Malay*. Vol. 22, no. 1 (2009): 21-30. https://ejournals.ph/article.php?id=7952

Colin Wight, "Post-Truth, Postmodernism and Alternative Facts." *New Perspectives: Interdisciplinary Journal of Central & East European Politics and International Relations*. Vol. 26, no. 3 (2018): 17-29. https://doi.org/10.1177/2336825X1802600302.

© 2021 Prince Airick S. Gapo
https://www.lectio.ph/files/2021_gapo.pdf